*MercyOne Genesis Patakaran Num. 1*

**Patakaran ng Salamin ng Trinity Health:**
***Patakaran sa Pinansyal Num. 1***

---

**PETSA NG PAGKABISA: Mayo 31, 2024**

**PANGALAN NG PATAKARAN:**

***Pinansyal na Tulong sa Mga Pasyente***

***Ire-review tuwing tatlong taon ng:***
***Lupon ng mga Direktor ng Ministeryo***

**NI-REVIEW NI: Mayo 31, 2027**

---

## PATAKARAN

Ito ang patakaran ng Ministeryo (at ng bawat Trinity Ministeryo) upang matugunan ang pangangailangan para sa Pinansyal na Tulong at suporta sa mga pasyente sa kaganapan ng emerhensiya at di napiling mga serbisyo na kinakailangan sa paggagamot na ipinagkakaloob sa naaangkop na mga batas ng estado o pederal. Ang pagiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong at suporta mula sa Ministeryo ay pagpapasyahan batay sa bawat indibidwal gamit ang kriterya kasama ng evaluation at assessment sa mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng pasyente at/o ng pamilya, pinagkukuhanang pinansyal at mga obligasyon. Inaasahan ng MercyOne Genesis ang bayad para sa mga serbisyo mula sa mga indibidwal na May Kakayahang Magbayad (tulad nang tinukoy sa Patakaran na ito).

## I. Kriterya sa Pagiging Karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong

Ang Pinansyal na Tulong na inilarawan sa seksyon na ito ay ipinagkakaloob sa mga pasyente na naninirahan sa Lugar ng Serbisyo (tulad nang tinukoy sa Patakaran na ito). Dagdag pa dito, ang Ministeryo ay magkakaloob ng Pinansyal na Tulong sa mga pasyente na nasa labas ng kanilang Lugar ng Serbisyo na kuwalipikado sa ilalim ng Ministeryo Patakaran sa Tulong Pinansyal (FAP) at iyong nagpapakita ng isang lumalala o nagbabanta sa buhay na kondisyon at tumatanggap ng Emerhensiya na Pangangalagang Medikal.

Ang MercyOne Genesis ay magkakaloob ng Pinansyal na Tulong para sa mga serbisyo sa isang ospital na pasilidad (kasama na ang mga serbisyong ipinagkakalob sa ospital na pasilidad ng isang entity na may mahalagang kaugnayan) at ang Ministeryo ay magkakaloob ng Pinansyal na Tulong para sa mga sumusunod na serbisyo:

A. Ang lahat ng mga Pangangalaga na Kinakailangan sa Paggagamot at Emerhensiya na Medikal na Pangangalaga para sa

1. ang mga nagbabayad-para-sa-sariling pasyente na nag-apply para sa at matiyak na karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong, at

2. mga pasyenteng maaaring karapat-dapat para sa pinansyal na tulong.

B. Ang ilang mga halagang dapat bayaran ng mga pasyente na may coverage mula sa nagbababayad/nagbigay ng insurance sa katrabaho/nakakontrata sa Ministeryo tulad nang inilarawan sa Patakaran na ito.

Ang mga serbisyo para sa Emerhensiya na Medikal na Pangangalaga ay ipagkakaloob sa lahat ng mga pasyente na nagpakita sa emerhensiya departmento ng ospital ng Ministeryo, anuman ang kakayahang magbayad ng pasyente o mapagkukuhanan ng bayad. Ang nasabing medikal na pag-aalaga ay magpapatuloy hanggang sa maayos na ang kondisyon ng pasyente, bago ang anumang pagtitiyak sa mga kaayusan sa pagbabayad.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay hindi karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong mula sa MercyOne Genesis:

A. Ang mga cosmetic na serbisyo at iba pang mga napipiling pamamaraan (gawain) at serbisyo na hindi Pangangalaga na Kinakailangan sa Paggagamot.

B. Ang mga serbisyong hindi ipinagkakaloob at siningil ng Ministeryo (hal. independyenteng serbisyo ng doktor, private duty nursing, ambulance transport, atbp.).

C. Maaaring di isama ng Ministry ang mga serbisyo na sakop ng programa ng insurance kasama na ang mga serbisyong sakop kapag ipinagkaloob sa ibang lokasyon ng provider pero hindi sakop sa mga ospital ng MercyOne Genesis Ministeryo; sa kondisyon na ang pederal na ang mga obligasyon sa ilalim ng Batas sa Paggamot Medikal sa Emerhensiya at Aktibong Pagtanganak (Emergency Medical Treatment and Active Labor Act, EMTALA) ay natupad.

Ang mga sumusunod na pasyente ay karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong mula sa MercyOne Genesis:

A. Ang mga Walang Insurance na Pasyente na ang Kita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 200% ng Antas ng Kahirapan sa Pederal (Federal Poverty Level, FPL) ay magiging karapat-dapat para sa 100% discount sa mga singilin ng mga natanggap na serbisyo.

B. Ang mga Walang Insurance at May Mga Insurance na Pasyente na nakakatanggap ng mga serbisyo sa mga estado na may mas mataas na porsiyento ng discount sa Kita ng Pamilya ay magiging karapat-dapat rin para sa discount sa mga singilin ng mga serbisyong natanggap.

C. Ang mga Walang Insurance na Pasyente na ang Kita ng Pamilya ay higit sa 200% ng FPL at hindi higit sa 400% ng FPL (o mas mataas na % na hinihiling sa ilalim ng batas ng estado, kung naaangkop) ay magiging karapat-dapat para sa discount sa mga singilin sa natanggap na serbisyo. Ang Pasyente na karapat-dapat para sa level na ito ng Pinansyal

na Tulong ay hindi sisingilin ng higt sa nakuwentang Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, AGB).

D. Ang mga May Insurance na Pasyente na ang Kita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 400% ng FPL ay magiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong para sa co-pay, mababawas na halaga, at mga halaga ng co-insurance sa kondisyon na ang mga kaayusan sa kontrata sa insurer ng pasyente ay di nagbabawal sa pagbibigay ng nasabing tulong.

May Pinansyal na Tulong rin na ipinagkakaloob para sa mga medikal indigent na pasyente. Ang medikal indigent na pasyente ay isang pasyenteng walang insurance na nag-apply para sa Pinansyal na Tulong, at sanhi ng malulubhang pangyayari na gastusing medikal para sa isang pag-aalaga na humigit sa 20% ng Kita ng Pamilya (o mas mababa sa % na hinihiling sa ilalim ng batas ng estado, kung naaangkop) ay magiging kuwalipikado sa mga co-pay, co-insurance, at mga mababawas na halaga ng pasyente para sa Pinansyal na Tulong. Ang mga discount para sa medikal indigent care para doon sa mga walang insurance ay hindi magiging mas mababa sa AGB ng Ministeryo para sa mga ipinagkaloob na serbisyo o isang halaga para mabalik sa 20% ang ratio para sa pasyente ng gastusing medikal sa malulubhang pangyayari sa Kita ng Pamilya.

## II. Batayan para sa Pagkukuwenta ng Mga Halaga na Siningil sa Mga Pasyente

Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong ay hindi sisingil ng higit sa AGB para sa emerhensiya at iba pang mga kinakailangan sa paggagamot na pangangalaga. Ang MercyOne Genesis ay gumagamit ng pagbabalik tanaw na pamamaraan upang makuwenta ang AGB sa pamamagitan ng pag-divide ng total na binayarang mga claim sa Medicare mula sa total na mga gross charge na naisumite, alinsunod sa Seksyon ng Kodigo ng Panloob na Kita 501(r).

Isang kopya ng pagpapaliwanag sa kuwenta n AGB at (mga) porsiyento ay maaaring makuha, nang walang bayad, sa website ng Ministeryo o sa pamamagitan ng pagtawag sa Sentro ng Serbisyong Pangnegosyo para sa Pasyente sa 800-494-5797.

## III. Paraan sa Pag-apply para sa Pinansyal na Tulong

Maaaring kuwalipikado ang pasyente para sa Pinansyal na Tulong sa pamamagitan ng pagsu-sumite ng nakumpletong Aplikasyon ng FAP, o sa pamamagitan ng inaakalang pagiging karapat-dapat batay sa score. Ang pagiging karapat-dapat ay batay sa evaluation at assessment ng mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng pasyente at/o ng pamilya, mga pinagkukuhanan sa pananalapi at mga obligasyon sa petsa nang napaglingkuran. Ang isang pasyente ay natiyak na karapat-dapat ay karapat-dapat para sa pinansyal na tulong sa loob ng anim na buwan mula sa unang petsa na mapaglingkuran kung saan naturing na karapat-dapat rin para sa pinansyal na tulong.

Hinihiling sa Pagiging Karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong ang ganap na kooperasyon ng pasyente, habang isinasagawa ang proseso ng aplikasyon, kung naaangkop, kabilang na ang:

A. Ang pagkukumpleto sa FAP Aplikasyon, kasama na ang pagsusumite ng lahat ng mga kinakailangang dokumento; at

B. Ang pagiging bahagi sa proseso ng aplikasyon para sa lahat ng mga available na tulong, kasama na pero hindi limitado sa, Pinansyal na Tulong ng gobynero at iba pang mga programa.

Ang Ministeryo ay magsisikap upang matulungan ang mga pasyente na makapag-apply para sa mga pampubliko at pribadong mga programa kung saan maaari silang kwalipikado at maaaring makatulong sa kanilang makatamo at magbayad para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Maaaring ikonsidera ng Ministeryo ang paghahandog ng Premium na tulong sa loob ng naitakdang tagal ng panahon kung maaprubahan ang pasyente na makatanggap ng Pinansyal na Tulong.

Sasabihan ng Ministeryo ang mga pasyente na nagsumite ng di kumpletong FAP Aplikasyon at tutukuyin ang karagdagang impormasyon at/o dokumento na kinakailangan para makumpleto ang proseso ng aplikasyon, na kailangang ipagkaloob sa loob ng 30 araw.

Nakalaan ang karapatan sa Ministeryo na tumanggi sa Pinansyal na Tulong kung ang FAP Aplikasyon ay hindi natanggap sa loob ng Takdang Panahon para sa Aplikasyon.

Ang mga pasyenteng nais mag-apply para sa Pinansyal na Tulong ay maaaring makakuha ng libreng kopya ng FAP Aplikasyon tulad ng mga sumusunod:

A. Humiling ng kopya ng FAP Aplikasyon mula sa Admissions, sa Emerhensiya Departmento, o isang Pinansyal Counselor sa lokasyon ng serbisyo ang ipinagkaloob;

B. Mag-download at i-print ang FAP Aplikasyon mula sa website ng Ministeryo;

C. Magsumite ng nakasulat na request sa Sentro ng Serbisyong Pangnegosyo para sa Pasyente sa kasalukuyang address na naka-post sa website at kasama sa mga abiso at aplikasyon para sa FAP; o

D. Tumawag sa Sentro ng Serbisyong Pangnegosyo para sa Pasyente sa 800-494-5797 o sa kasalukuyang numero ng telepono na nakasulat sa website at kasama sa mga abiso at aplikasyon para sa FAP.

## IV. Mga Pagpapasya sa Pagiging Karapat-dapat

Ang MercyOne Genesis ay gagamit ng predictive model para bigyang kuwalipikasyon ang mga pasyente para sa posibilidad na magkaroon ng Pinansyal na Tulong. Ang posibleng magiging karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong ay maaaring mapagpasyahan sa anumang bahagi ng yugto ng pagkita.

Kung napagpasyahan na ang isang pasyente ay hindi karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong o karapat-dapat para sa mas kaunti sa pinakamalaking tulong na handang maibigay sa ilalim ng FAP, ang MercyOne Genesis ay:

A. Abisuhan ang pasyente hinggil sa batayan para sa pagpapasya sa pagiging karapat-dapat at kung paano maaaring mag-apela o mag-apply ang pasyente para sa mas malaking tulong na handang magamit sa ilalim ng FAP;

B. Bigyan ang pasyente ng hindi bababa sa 30 araw para magsagawa ng apela o mag-apply para sa mas malaking tulong; at

C. Iproseso ang anumang kumpletong FAP Aplikasyon na naisumite ng pasyente sa katapusan ng Takdang Panahon ng Aplikasyon.

## V. Mga Mabisang Komunikasyon

Ang Ministeryo ay magpo-post ng mga karatula at maglalantad ng mga brochure na magbibigay ng basic na impormasyon tungkol sa FAP ng Ministeryo sa mga pampublikong lugar sa Ministeryo. Ilalagay ng Ministeryo ang FAP, sa isang buod na may simpleng lengguwahe, at isang aplikasyon form sa website ng Ministeryo at gagawin ng FAP ng Ministeryo, na ang buod na may simpleng lengguwahe ay maging available sa mga pasyente kung hilingin.

## VI. Mga Pamamaraan sa Billing at Koleksyon

Ipapatupad ng Ministeryo ang mga pamamalakad sa billing at koleksyon para sa mga obligasyon ng pasyente sa pagbabayad sa isang patas, di pabagu-bago at umaalinsunod na paraan ayon sa mga regulasyon ng estado at pederal. Ang mga kilos na maaaring gawin ng MercyOne Genesis sa kaganapan ng di pagbabayad ay inilalarawan sa isang hiwalay na Pamamaraan sa Billing at Koleksyon. Isang kopya ng Pamamaraan sa Billing at Koleksyon ay maaaring matamo, ng walang bayad sa pamamagitan ng pagtawag sa Sentro ng Serbisyong Pangnegosyo para sa Pasyente sa 800-494- 5797 o sa pamamagitan ng email kung hilingin. Ang MercyOne Genesis ay umaalinsunod sa 501(r) at ang naaangkop na batas ng estado hinggil sa mga paglalabag sa mga di pangkaraniwang mga indibidwal na napagpasyahan na karapat-dapat para sa pinansyal na tulong. Dagdag pa dito, maliban na lang kung ang indibidwal ay May Kakayahang Magbayad, ang MercyOne Genesis ay hindi magpapatuloy sa legal na pagkilos upang mangolekta ng pagpapasya, magpataw ng lien sa ari- arian ng indibidwal o i-ulat ang indibidwal sa credit bureau.

Kung ang isang pasyente ay nagbayad habang Takdang Panahon ng Aplikasyon at bago ang pagpapasya ng pagiging karapat-dapat, isasauli ng MercyOne Genesis ang mga halaga na higit sa halaga ng pinansyal na tulong kung saan natiyak na karapat-dapat ang pasyente, maliban na lang kung ang halaga ay mas mababa sa $5.00.

## VII. Listahan ng Mga Provider

Isang listahan ng mga provider na nagkakaloob ng Emerhensiya na Medikal na Pangangalaga o Kinakailangan sa Paggagamot na Pangangalaga sa ospital na pasilidad na tinutukoy kung aling mga provider ang naghahandog ng Pinansyal na Tulong, tulad nang inilarawan sa FAP, at iyong mga hindi kasali ay hiwalay na nakasulat sa FAP na ito. Ang kopya ng Listahan ng Provider ay maaaring makuha, nang libre, sa website ng Ministeryo o sa pamamagitan ng pagtawag sa Sentro ng Serbisyong Pangnegosyo para sa Pasyente sa 800-494-5797.

## VIII. Iba pang Mga Discount

Ang mga pasyente na hindi karapat-dapat para sa Pinansyal na Tulong, tulad nang inilalarawan sa Patakaran na ito, at iyong nakakatanggap ng emerhensiya o iba pang kinakailangang paggagamot/di napiling pag-aalaga, ay maaaring kuwalipikado para sa iba pang mga uri ng

tulong na inihahandog ng Minsiteryo. Ang iba pang mga uri ng tulong ay di batay sa pangangailangan at hindi parte ng Patakaran sa Pinansyal na Tulong at ipinagkakaloob ayon sa pagpapasya ng Ministeryo.

**SAKLAW/PAGIGING ANGKOP**

Ito ay isang Patakaran ng Salamin ng MercyOne Genesis. Samakatuwid, ang Patakaran ng Salamin na ito ay ipapatupad ng bawat Ministeryo at Subsidiary sa loob ng System na nagkakaloob ng serbisyo o naniningi para sa pag-aalaga ng pasyente sa ospital. Ang Patakaran ng Salamin na ito ay nagpapakita sa mga kondisyon ng Patakaran sa Pinansyal 1, ang Patakaran sa Tulong Pinansyal ng MercyOne Genesis sa buong system. Ang mga organisasyon ng MercyOne Genesis na nagkakaloob ng serbisyo o naniningil para sa iba pang mga uri ng pangangalaga sa pasyente ay maaaring magpatupad ng Patakaran para sa pinansyal na tulong upang matugunan ang mga pangangailangan ng pinaglilingkurang komunidad at iyong nagkakaloob ng pinansyal na tulong sa mga indibidwal na kailangan ng pinansyal na tulong at suporta.

Ang batas ng estado ay magpapawalang bisa sa mga pamamaraan sa kabuuan ng estado at ang Ministeryo ay kikilos nang ayon sa naaangkop na batas ng estado.

Ang Patakaran ay nilalayon na gampanan ang pananagutan ng Ministeryo na:

- Magbigay ng access sa de kalidad na mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan nang may pagkumbaba, dignidad at paggalang sa mga pinaglilingkuran natin, lalo na ang mga mahihirap at ang mga di gaanong natutulungan sa ating mga komunidad.

- Ang pag-aalaga sa lahat, anuman ang kanilang kakayahan sa pagbabayad sa mga serbisyo; at

- Pagtulong sa mga pasyente na hindi makakabayad sa isang parte o lahat ng pag-aalaga na natatanggap nila.

Ang Ministeryo ay isang komunidad ng mga tao na nagkakaisang naglilingkod ayon sa diwa ng Ebanghelyo bilang isang dulugan ng unawa at kabaitan sa ating mga komunidad. Alinsunod sa aming Pangunahing Mga Pinapahalagahan, lalo na ang "Pananagutan Doon sa Mga Nakararanas ng Kahirapan," kami ay nagkakaloob ng pangangalaga sa mga taong nangangailangan at nagbibigay ng natatanging konsiderasyon doon sa mga pinakanaghihirap, kasama na iyong mga di kayang magbayad at iyong limitado ang mga pamamaraan na nagiging lubos na mahirap na mabayaran ang mga natamong mga gastusin sa pangangalaga ng kalusugan.

**MGA KAHULUGAN**

Ang kahulugan ng **May Kakayahan na Magbayad** ay

a. Isang indibidwal na natiyak na di karapat-dapat para sa Medicaid sa pamamagitan ng proseso ng screening ng aplikasyon para sa Medicaid o iyong nakatanggap ng pagtatanggi mula sa State Medicaid Program para sa mga benepisyo ng Medicaid.

    - Hindi hinihiling ng MercyOne Genesis na ang isang indibidwal ay mag-apply para sa Medicaid bilang paunang kahilingan para sa Pinansyal na Tulong.

b. Ang isang indibidwal na napagpasyahan na di karapat-dapat para sa Pinansyal na tulong makalipas na ma-review ang Aplikasyon.

c. Ang isang indibidwal na hindi nag-apply para sa pinansyal na tulong makalipas ang pagpapaso ng Takdang Panahon para sa Aplikasyon sa Pinansyal na Tulong.

d. Isang indibidwal na tumangging makumpleto ang isang Aplikasyon o makipagtulungan sa proseso ng Pinansyal na Tulong.

**Ang Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed, "AGB")** ay nangangahulugan na ang mga halagang karaniwang sinisingil para sa emerhensiya o kinakailangan sa paggagamot na pag-aalaga sa mga pasyente na may insurance na saklaw ang nasabing pag-aalaga, ang acute at physician AGB ng Ministeryo ay kukuwentahin gamit ang pamamaraan ng pagbabalik-tanaw sa pagkukuwenta ng total na binayaran na mga claim sa Medicare na hinati sa total o "gross" na mga singilin para doon sa mga nasabing claim ng System Office o Ministeryo taon-taon gamit ang labindalawang buwan na mga bayad na claim sa loob ng 30 araw na pagkakahuli mula sa petsa ng pag-uulat hanggang sa pinakahuling petsa ng pagpapalabas.

**Ang Takdang Panahon ng Aplikasyon** ay mag-uumpisa sa petsa nang ang pag-aalaga ay naipagkaloob at magtatapos sa katapusan ng 240 araw makalipas ang petsa o alinman sa dalawa --

a. sa katapusan ng 30 araw na takdang panahon ng mga pasyenteng kuwalipikado para sa mas mababa kaysa sa pinakamalaking tulong na available batay sa Inaasahang Suporta na katayuan o bago nabigay ang pagiging karapat-dapat sa FAP para makapag-apply sa mas malaking tulong.

b. ang huling takdang petsa na binigay sa nakasulat na abiso kung saan maaaring maumpisahan ang mga ECA.

**Ang Emerhensiya na Medikal na Pangangalaga** tulad nang tinukoy sa Seksyon 1867 ng Batas sa Seguridad Social (Social Security Act). Ang mga pasyente na hanap ang pangangalaga para sa emerhensiya na medikal na kondisyon sa isang ospital ng MercyOne Genesis ay gagamutin nang walang diskriminasyon at walang pagsasaalang-alang sa kakayahan ng pasyente na bayaran ang pag- aalaga. Ang Ministeryo ay kikilos nang alinsunod sa lahat ng mga kahilingang pederal at ng estado para sa emerhensiya na pag-aalaga, kasama na ang screening, paggagamot, at mga kahilingan sa paglilipat sa ilalim ng pederal na Batas sa Paggamot Medikal sa Emerhensiya at Aktibong Pagtanganak (Emergency Medical Treatment and Labor Act, EMTALA).

**Ang Kita ng Pamilya** ay nangangahulugan na ang Kita ng Pamilya ng tao ay kinabibilangan ng taunang kita ng lahat ng mga adult na miyembro ng pamilya sa sambahayan bago ang 12 buwan na takdang panahon o bago ang taon ng pagbubuwis tulad ng ipinakita sa pinakahuling sahod o mga kita tax return at iba pang mga impormasyon. Para sa mga pasyente na mas bata sa 18 taong gulang, kabilang sa Kita ng Pamilya ang mga magulang at/o mga pangalawang magulang, o taunang kita ng mga kamag-anak ng tagapag-alaga. Ang mga katibayan sa kita ay maaaring mapagpasyahan ayon sa pagkuha ng taunang(hanggang sa kasalukuyang petsa) Kita ng Pamilya, na isinasaalang-alang ang mga rate ng kasalukuyang kita.

**Ang Pinansyal na Tulong** ay nangangahulugan na suporta (kawanggawa, mga discount, atbp.) na binibigay sa mga pasyente na mahihirapan na bayaran ng buo ang halaga ng mga kinakailangan sa paggagamot na mga serbisyong ipinagkaloob ng MercyOne Genesis na nakakatugon sa kriterya sa pagiging karapat-dapat para sa nasabing tulong.

**Ang Patakaran sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy, "FAP")** o Patakaran sa Pinansyal na Tulong ay nangangahulugang isang nakasulat na polisa at pamamaraan na nakakatugon sa mga requirement na inilarawan sa §1.501(r)-4(b).

**Ang Patakaran sa Tulong Pinansyal Aplikasyon ("FAP Aplikasyon")** o Aplikasyon para sa Patakaran ng Pinansyal na Tulong ay nangangahulugan na ang impormasyon at mga kaugnay na dokumento na naisumite ng pasyente para makapag-apply para sa Pinansyal na Tulong sa ilalim ng FAP ng Ministeryo. Maaaring makakuha ang Ministeryo ng impormasyon mula sa isang indibidwal sa pamamagitan ng kasulatan o pagsalaysay na paraan (o kombinasyon nitong dalawa).

**Ang Kita** ay kinabibilangan ng mga gross na sahod, mga sahod, suweldo at kita sa sariling hanap buhay, kabayaran sanhi ng kawalan ng trabaho, mga bayad mula sa Social Security, tulong sa publiko, mga benepisyo ng beterano, sustento sa bata, alimony, tulong sa edukasyon, mga benepisyo ng nakaligtas, mga pension, kita sa retirement, regular na insurance at mga bayad sa annuity, mga kita mula sa estate at trust, mga natanggap na bayad sa upa, mga interes/dibidendo, at kita mula sa iba pang mga pinagkukuhanan.

**Ang Pangangalaga na Kinakailangan sa Paggagamot** ay nangangahulugan na anumang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o produktong ipinagkaloob ng MercyOne Genesis Ministeryo na makatuwirang napagpasyahan ng isang provider, na kinakailanga para maiwasan, ma-diagnose, o gamutin ang isang sakit, pinsala, karamdaman o mga sintomas nito. Hindi kasama sa Pangangalaga na Kinakailangan sa Paggagamot ang mga napipiling serbisyo na hindi sakop ng naaangkop na insurance/bayad ng gobyerno/planong pangkalusugan ng pasyente o mga cosmetic procedure para mapaganda ang anyo ng isang normal, o normal na kumikilos, na bahagi ng katawan.

**Ang Ministeryo** (na minsan ay tinatawag na Health Ministeryo) ay nangangahulugan na unang sangay (direkta) na subsidiary, affiliate, o operating division ng MercyOne Genesis na mayroon namamahalang parte na mayroong pang-araw araw na pangangasiwa sa isang natakdang bahagi ng operasyon ng MercyOne Genesis System. Ang Ministeryo ay maaaring batay rin sa heyograpikong market o pagtutuon sa isang uri ng serbisyo o negosyo. Ang mga Ministeryo ay kinabibilangan ng Mission Ministries, National Ministries, at Regional Ministries.

**Ang Patakaran ng Salamin** ay nangangahulugan na isang huwarang polisiya na naaprubahan ng MercyOne Genesis at ang bawat Ministeryo ay kailangang magpatupad bilang isang parehas na patakaran, kung naaangkop at magagamit sa mga operasyon nito, ngunit maaaring baguhin ang format upang mapakita ang lokal na istilong nagugustuhan o, sumasailalim sa pag-apruba ng miyembro ng ELT na may responsibilidad para sa nasabing Patakaran ng Salamin, upang makasunod sa naaangkop na mga batas ng estado o lokal at mga regulasyon o mga kinakailanga para sa lisensya at akreditasyon.

**Ang Patakaran** ay nangangahulugan na isang mataas na lebel ng pahayag ng sa mga paksang mahalaga para sa MercyOne Genesis, ang mga Ministeryo at Subsidiary nito o isang pahayag na higit pang

nagpapaliwanag sa namamahalang mga dokumento ng MercyOne Genesis, mga Ministeryo at Subsidiary nito. Ang mga patakaran ay maaaring nag-iisa, Sa Buong System o Patakaran ng Salamin na naitakda ng isang nag-aprubang grupo.

**Ang Procedure** ay nangangahuluglang isang dokumento na nilikha para mapatupad ang isang patakaran o paglalarawan sa isang tiyak na hiniling na mga kilos o proseso.

**Ang Lugar ng Serbisyo** ay nangangahulułgan na mga primary market na pinaglilingkuran ng mga Ministeryo. Ito ay ipinapakita sa pamamagitan ng isang listahan ng mga zip code kung saan naninirahan ang mga pasyente.

**Mga Pamantayan o Patnubay** ay nangangahulugan na karagdagang mga instruksyon at patnubay na nakakatulong sa pagpapatupad ng mga Procedure, kabilang na iyong mga nalikha mula sa accreditation o professional na mga organisasyon.

**Ang Subsidiary** ay nangangahulugan na isang legal na pangangatawan kung saan ang MercyOne Genesis Ministeryo ay ang nag-iisang corporate member o nag-iisang shareholder.

**Ang Walang Insurance na Pasyente** ay nangangahulugan na isang indibidwal na walang insurance, walang ikatlong panig na coverage ng isang commercial na ikatlong panig na nagbigay ng insurance, isang ERISA plan, isang Federal Health Care Program (kabilang ngunit walang limitasyon ang Medicare, Medicaid, SCHIP, at CHAMPUS), Worker's Compensation, o iba pang ikatlong panig na tulong para masakop ang lahat o isang parte ng gastusin sa pag-aalaga.

## RESPONSABLENG DEPARTAMENTO

Ang higit pang gabay hinggil sa Patakaran ng Salamin na ito ay maaaring matamo mula sa executive leadership ng Ministeryo.

## MGA PAG-APRUBA

**Paunang Pag-Apruba:** Mayo 31, 2024

**Sumunod na (mga) Review/Pagbabago:**